



PARA SA AGARANG PAGLABAS

Update 2: Ginagawa ng Lungsod ng Brampton ang karagdagang pangkalusugan at pangkaligtasang mga hakbang laban sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso 12, 2020) – Seryosong hinaharap ng Lungsod ng Brampton ang COVID-19 at patuloy na sinusunod ang payo ng Peel Public Health. Ang pinaka-up to date na impormasyon ay makikita sa www.peelregion.ca/coronavirus. Patuloy na susubaybayan nang mabuti ng Lungsod ang sitwasyon at i-update ang mga residente sa anumang mga pagbabago sa mga serbisyo o programa.

Para sa pagdalo sa mga event at programa ng Lungsod, hinihikayat ang mga tao na sumunod sa [mga inirerekumendang mga gawaing pangkalinisan ng Peel Public Health](#):

- *Kung sinabihan kang [mag-monitor sa sarili](#), pakisundin ang payo ng iyong healthcare provider.*
- *Hugasan nang madalas ang mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer na mula sa alcohol.*
- *Iwasan ang paghipo sa iyong mga mata, bibig at ilong hangga't maaari.*
- *Iwasan ang kontak sa mga taong maysakit at sa kanilang mga kagamitan.*
- *Takpan ang iyong bibig at ilong kapag umubo at bumahin gamit ang tissue. Kung wala kang tissue, umubo o bumahin sa itaas na manggas o siko, hindi sa iyong mga kamay. Hugasan ang mga kamay matapos umubo at bumahin.*
- *Panatilihin ang nakalulusog na uri ng pamumuhay, kabilang ang nakalulusog na diyeta, ehersisyo at sapat na tulog, para mas mapalakas ang immune system ng iyong katawan.*
- *Magpabakuna laban sa trangkaso. Mas malamang na magkaka-trangkaso ka kaysa mahawahan ng COVID-19 at ang pagkakasakit ay nagpapababa sa iyong immunity sa ibang mga mikrobyo.*
- *Kung kailangan mong ihiwalay ang sarili mula sa iba, pakisundin ang payo mula sa iyong healthcare provider.*

Mga Event

Sinabihan ng Peel Public Health ang Lungsod na isagawa ang pagtatasa sa panganib sa bawat darating na event ng Lungsod. Ang Brampton's Emergency Management Office (BEMO) ay regular na ina-update ng Public Health at nakikipagtulungan sa mga department ng Lungsod para ipatupad ang anumang payo o direktibang natatanggap.

Para sa mga event ng Lungsod na may higit sa 250 tao, ipagpapaliban ang event. Aabisuhan ang mga pangkat na nagpapaarkila ng pasilidad ng Lungsod at hihikayatin na ipagpaliban ang malalaking event. Mangunguna sa halimbawa ang Mayor at ang Konseho ng Lungsod at hindi dadalo sa malalaking mga event.

Para sa mga event ng Lungsod na may mas mababa sa 250 tao, hahanapin ng lungsod ang kaalaman at ang mga karatula ng mabuting pangkalinisang gawain ng Peel Public Health sa mga lugar na ito.

Programang sa Paglilibang at Break sa Marso

Hindi inirerekumenda ng Peel Public Health na manatili kayo sa bahay mula sa trabaho o paaralan kapag mabuti ang iyong pakiramdam, maliban kung sinabihan kang ihiwalay ang sarili. Tulad ng



anumang pagkakasakit, mas mabuting manatili sa bahay kung ikaw ay maysakit at iwasan ang kontak sa iba na maysakit. Sa pagsunod sa payong ito, ang programang panlibangan ng Lungsod sa panahon ng Break sa Marso ay magpapatuloy tulad ng pinlano.

Pinawawalambisa ng Recreation Department ang \$50 na bayad sa pag-atras para sa mga camp sakaling magpasya ang mga magulang na paalisin ang kanilang anak mula sa camp sa pagitan ngayon at sa Lunes. Kung aatras ang mga magulang makalipas ang Lunes, ipo-pro-rate ng Lungsod ang bayad. Pakikontak ang reconnects@brampton.ca para sa karagdagang impormasyon.

Mga Sentro sa Operation sa Emergency – Inaktiba ang Plano sa Tugon sa Emergency ng Lungsod ng Brampton

Ang Lungsod ng Brampton ay nagpapatuloy sa pagsunod sa payo ng Peel Public Health. Kahit na hindi nagdeklara ang Lungsod ng opisyal na emergency sa COVID-19, inaktiba ngayon ng Brampton's Emergency Management Office ang *Plano sa Tugon sa Emergency ng Brampton* sa Level 2. Ang pasya na ito ay nagpaposible sa mas mabilis na tugon sa pagtatalaga ng partikular na mga resource sa pag-iwas at pagkontrol.

Mga Sentro ng Pagtatasa ng COVID-19 – Peel Memorial

Binuksan ng William Osler Health System ang isang Sentro sa Pagtatasa ng COVID-19 sa Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness para i-screen at tasahin ang mga tao sa ating komunidad na nakakaranas ng posibleng mga sintoma ng COVID-19. Ang Osler Assessment Centre ay hindi walk-in clinic. Ang mga oras sa Assessment Centre ay mula 2 pm hanggang 8 pm, pitong araw kada linggo. Ang pasilidad na ito ay matatagpuan sa isang self-contained area sa Peel Memorial at hindi nakakaapekto sa ibang mga pasyente na dumadalo sa Urgent Care Centre o sa mga serbisyo sa outpatient sa lugar. Nagpapatuloy na isang ligtas na lugar ang Osler para makatanggap ng pangangalaga.

Mensahe mula kay Mayor Patrick Brown

“Napaka-seryosong hinaharap ng Lungsod ng Brampton ang COVID-19 at gumagawa ng kongkretong mga hakbang para dagdagan ang ating pangkaligtasang mga hakbang para sa mga residente. Dinadagdagan natin ang dalas ng paglilinis at pag-disinfect sa mga bus at pasilidad, pati na rin ang pagpapaliban sa malalaking event at mga pagtitipon at hinihikayat ang mga pangkat na nagpapa-arkila ng pasilidad na gawin din ang mga ito. Ang Konseho at ako ay mangunguna sa pamamagitan ng halimbawa at hindi dadalo sa malalaking event sa darating na mga linggo. Hinihikayat ko ang lahat ng residente na sundin ang mga inirekumendang mga gawaing pangkalinisan ng Peel Public Health para limitahan ang pagkalat ng COVID-19.”

Dagdag na impormasyon:

- [Peel Public Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [City of Brampton – Service Information Update 1](#)
- [COVID-19 Assessment Centre at Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness](#)
- [Province of Ontario: Ministry of Health – Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#)
- [Government of Canada - Coronavirus \(COVID-19\) Update](#)
- [World Health Organization – Coronavirus \(COVID-19\) Update](#)



-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca